DAGDAGAN ANG NALALAMAN TUNGKOL KAY BARACK OBAMA AT SA KOMUNIDAD NG AAPI

http://aapi.barackobama.com

MyBO (my.barackobama.com) Group

Asian Americans and Pacific Islanders for Obama (Mga Asyano-Amerikano at Taga-Isla Pasipiko para kay Obama)

MySpace:

www.myspace.com/aapiforobama

Facebook

Obama AAPI Vote Director

AAPI Students for Obama

Asian Americans for Obama

South Asians for Obama

Binayaran para kay Obama

ASIAN AMERICANS PACIFIC ISLANDERS FOR OBAMA

DETALYE NG KONTAK NG AAPI VOTE TEAM

AAPI@BARACKOBAMA.COM

VOTE DIRECTOR NG AAPI: CHARMAINE MANANSALA

VOTE DEPUTY DIRECTOR NG AAPI: BETSY KIM

Si Barack Obama at ang mga Asyano-Amerikano at mga Taga-Isla Pasipiko

Ang kamusmusan ni Senador Obama sa Indonesia ay naglagay sa kanya sa isang kulturang binuo ng mga impluwensiya ng Malay, Chinese, at Indian. Sa loob ng mga taon ng kanyang pagbibinata, binuo ang kanyang pagkatao sa paligid ng dinamiko at pluralistikong kondisyon (pluralistic climate) ng Hawaii, na binubuo ng mga Asyano, Taga-Isla Pasipiko, Katutubong Taga-Hawaii, Europeo-Amerikano na nagsusumikap na mamuhay nang sama-sama at may pagkakasundo.

Sa ngayon, si Senador Obama ay may matatag na pakikipagkaibigan sa lahat ng bahagi ng masigasig na komunidad ng mga Asyano-Amerikano at Taga-Isla Pasipiko (AAPI). Ang koneksiyon ni Senador Obama sa komunidad ng Asyano-Amerikano at Taga-Isla Pasipiko ay naipapakita sa pulitika – sa kanyang matatag na paninindigan sa pagtatrabaho nang mabuti, sa pamilya, sa espirituwalidad, sa edukasyon at sa seguridad.

"Hinihiling ko sa inyo na maniwala…

Barack Obama sa mga ISYU ng AAPI

Pagbibigay ng Unibersal na Pangangalagang Pangkalusugan: Si Barack Obama ay naninindigang pipirma sa lehislasyon bago matapos ang una niyang termino upang siguruhin na lahat ng Amerikano ay magkakaroon ng abot-kaya, de-kalidad at maipagpatuloy (portable) na saklaw (coverage) ng pangangalagang pangkalusugan. Sa plano ni Obama, makakatipid ang tipikal na Amerikanong pamilya ng hanggang sa $2,500 bawat taon sa mga gastos-pangmedikal sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng sistema sa pangangalagang pangkalusugan ng Estados Unidos at pagsulong ng pag-iwas sa mga sakit at pagpapatibay ng pampublikong kalusugan.

Pagrereporma ng Sistema ng Imigrasyon: Noon pa man, si Barack Obama ay ang nangungunang boses sa komprehensibong pagrereporma ng sistema ng ating imigrasyon sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa pagkamamamayan (citizenship) para sa mga imigranteng walang dokumentol, na sinisiguro ang ating hangganan (border) at pagsasaayos ng ating depektibong burukrasya sa imigrasyon. Bilang pangulo, ipaglalaban niya ang komprehensibong reporma na nagbibigay priyoridad sa pagpapanatili ng pagsasama-sama ng mga pamilya at pagpapabuti sa H1-B visa program.

Pamumuhunan sa Edukasyon: Rereporma hin at bibigyan ng sapat na pondo ni Obama ang No Child Left Behind (Walang Bata ang Maiiwan). Gagawin niyang responsible ang mga paaralan sa pagtuturo ng mga nag-aaral ng wikang Ingles, at ipagpapatuloy niya ang pakikipaglaban sa pagpapataas at pagrereporma ng mga pangkolehiyong tulong pinansiyal. Si Barack Obama ay matagal nang sumusuporta sa Pinapanukalang Lehislasyong Pederal para sa Kaunlaran, Kaginhawahan at Edukasyon para sa mga Menor-de-Edad na Dayuhan (DREAM Act), na magpapahintulot sa mga estadong makapagbigay ng panloob ng estado (in-state) na panustos sa kolehiyo sa mga walang dokumento na estudyanteng lumaki sa Estados Unidos. Si Barack Obama ay ka-isponsor ng DREAM Act, at gusto niyang masigurado na ito ay magiging batas upang ang bawat bata ay magkaroon ng pribilihiyo sa de-kalidad at abot-kayang edukasyon.

Hindi lamang sa aking kakayahang makapagdala ng pagbabago…
Hinihiling ko sa inyo na maniwala sa sarili ninyong kakayahan."